Alberta

Palabas na **balita**

# Pinakamahusay na pamumuhunan sa pangunahing pangangalaga sa kalusugan ng Alberta

Pebrero 21, 2023

Ang pamahalaan ng Alberta ay nagmumungkahi ng makasaysayang paglalaan ng pondo upang palakasin ang pangunahing sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng lalawigan.

Kung maipapasa, ang Badyet 2023 ay mamumuhunan ng isang rekord na $2 bilyon – ang pinakamataas kailanman – upang mapabuti ang pangunahing pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang pagpopondo para sa Mga Pangunahing Network ng Pangangalaga, mga pagbabayad sa mga doktor ng pamilya, pagpopondo para palakasin at gawing moderno ang pangunahing pangangalagang pangkalusugan, at mga pamumuhunan upang matulungan ang mga manggagamot na nakabase sa komunidad na may mga sistema ng teknolohiya ng impormasyon na magpapahusay sa pagpapatuloy ng pangangalaga para sa mga pasyente.

Priyoridad nina Premiyer Smith at Ministro Jason Copping ang kahalagahan ng pagsusuporta sa pangunahing pangangalaga bilang pundasyon ng ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan." Kabilang dito ang pagsusuporta sa patuloy na gawain para Gawing Makabago ang Pangunahing Sistema ng Pangangalaga sa Alberta [Modernizing Alberta’s Primary Care System (MAPS)].

Ang mga panel ng MAPS Strategic at Indigenous Advisory ay nagpakita ng mga pansamantalang ulat sa ministro, na tinanggap ang lahat ng kanilang mga rekomendasyon sa prinsipyo. Ang Badyet 2023 ay magbibigay ng partikular na pondo para ipatupad ang mga maagang pagkakataong iyon para sa pamumuhunan sa pangunahing pangangalaga.

Ang Alberta ang may pinakamahusay na mga front-line na manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan sa daigdig. Ang pamahalaan ng Alberta ay nakatalaga sa pagtitiyak na nakukuha

### Kaugnay na impormasyon

[Ginagawang Makabago ang Pangunahing Sistema ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Alberta]

ng mga Albertan ang pangangalaga na kailangan nila kapag kailangan nila ito. Kasali rito ang mga First Nation, mga Métis, at mga taong Inuit upang sila’y magkaroon ng pantay na pagkakataon sa ligtas at angkop na pangunahing mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, saan man sila nakatira sa Alberta.

Kabilang sa naitalang antas ng pagpopondo na iminungkahi ang $211 milyon sa bagong pagpoondo upang patibayin ang pangunahing sistema ng pangangalaga sa buong lalawigan. Kung pumasa, ang Badyet 2023 ay maglalaan ng $125 milyon para sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon mula sa MAPS, $74 milyon sa bagong pagpopondo ng PCN, at $12 milyon upang suportahan ang mga sistema ng IT na idinisenyo upang pagbutihin ang patuloy na pangangalaga sa buong lalawigan.

Ang bagong pondo para sa MAPS ay tutulong sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon mula sa MAPS Strategic Advisory and Indigenous Panels, Kabilang dito isang serye ng estratehikong aktibidad (strategic activities) na may nakikitang mga resulta. Tatalakayin ng mga pagkilos na ito ang ilan sa mga matagal nang mga paghamon na kinakaharap ng lahat ng mga Albertan, kasali na ang mga katutubo kapag sinisikap nilang makuha ang pangunahing pangangalaga sa kalusugan sa Alberta.

Si Ministro Copping ay umaasa na ang mga panel ay maghaharap ng kanilang natapos na mga ulat sa Tagsibol 2023. Samantala, ang mga rekomendasyon na nagtutukoy sa maagang mga pagkakataon para sa pamumuhunan ay ipapaskil sa website ng MAPS.

Ang pangwakas na mga ulat mula sa mga panel ng MAPS ay magsisilbing balangkas para sa paghahatid sa hinaharap ng pangunahing pangangalaga sa Alberta. Sa panibagong pagtutuon sa pangunahing pangangalaga ng mga Albertan, ang panlahat na sistema ng kalusugan ng lalawigan ay hindi gaanong aasa sa pangangalaga at mga pagpapaospital sa panahon ng emerhensiya at maglalaan ng pangangalaga na kailangan ng mga Albertan kung kailan at saan nila kailangan ito. Ang pagtutuon na ito ng pansin sa pangunahing pangangalaga ay magdudulot din ng mas mabuting kalusugan para sa mga Albertan.

**Mabilis na mga Katotohanan**

- Ang pangunahing pangangalagang pangkalusugan ang unang bahagi ng pakikipag-ugnayan ng mga Albertan sa sistema ng kalusugan, at kasali dito ang mga propesyonal sa kalusugan gaya ng mga doktor ng pamilya, mga propesyonal na nars, mga parmasiyutiko at mga nars ng pampublikong kalusugan.
- Tatlong panel ng tagapayo ang itinatag sa pamamagitan ng MAPS noong taglagas ng 2022 upang kilalanin ang mga pangunahing pagpapabuti sa pangangalagang pangkalusugan sa maikling panahon at sa mga susunod na 10 taon.
- Nakikipagtulungan nang malapit sa Samahang Medikal ng Alberta, mga PCN at iba pang pangunahing mga lider sa pangangalaga pangkalusugan ng buong lalawigan, tinatalakay ng mga panel ang mga pangunahing isyu, kinikilala ang mga mahahalagang lugar para sa pagpapabuti at

nagrerekomenda ng mga bagong pagkakataon at mga paraan upang palakasin ang mga umiiral na kalakasan sa sistema.

- Ang isang pangwakas na ulat na may inirekomendang estratehiya upang gawing makabago ang pangunahing sistema ng pangangalaga pangkalusugan ng Alberta ay tatapusin sa tagsibol ng 2023.